Edukasyon at Mga Karera sa Japan

～ Aichi Prefecture Version ～

Setyembre, 2024

Aichi International Association

Mga Nilalaman

1.	Tungkol sa karerang pang-edukasyon pagkatapos mag-graduate sa Junior High School	P.2
2.	Ano ang balak mong gawin pagkatapos mag-graduate sa Junior High School?	P.3
3.	Tungkol sa sa mga Paaralan na maaaring pasukan mula Junior High School.	P.5
4.	Tungkol sa Senior High School	P.6

(1) Pagkakaiba ng Senior High School at Junior High School P. 6

(2) Mga uri ng Senior High School P. 7

(3) Uri ng mga Kurso sa High School P.13

(4) Mga puntos sa pagpili ng Senior High School P.14

(5) Paraan ng paghahanap ng Senior High School P.15

(6) Kakailanganing Pera para sa Senior High School P.16

(7) Tungkol sa Entrance Examination sa Senior High School P.18

5.	Tungkol sa Vocationa High School (senmon gakkou)	P.27
6.	Vocational School at Technical School	P.29
7.	Halimbawa ng daloy sa pagpili ng kurso	P.32
8.	Ano ang kailangang gawin upang makapagpatuloy sa mas mataas na edukasyon?	P.35
9.	Para sa sariling kapakanan sa hinaharap	P.37
Karagdagang impormasyon ①	Aichi Night Junior High School	P.39
Karagdagang impormasyon ②	International Baccalaureate Diploma Program	P.40

I . Tungkol sa karerang pang-

Mababang Paaralan
3 taon

Mataas na Paaralan
3 taon

Junior High School Department *3 taon*

Senior High School Department *3 taon*

Junior High School
3 taon

《Full-time》 P.8
Senior High School
3 taon

Flexible High School P.12

《Part-time/Correspondence》 P.9
Senior High School
Mahigit tatlong 3 taon

Colleges of Technology P.27
5 taon

Vocational School – Advanced Course
(Techinical Training School)
1-4 taon P.29

Vocational School – Specialized Course
(Vocational School)
1-4 taon

Vocational School – General Course P.29
Mahigit isang 1 taon

University
4 taon
(Medical Department at iba pa, anim 6 na taon ang ibang department)

Graduate School
2 hanggang 5 taon

Junior College
2 taon

Trabaho at iba pa.

Mandatory na edukasyon hanggang 15 taong gulang

2．Ano ang balak mong gawin pagkatapos mag-graduate sa Junior High School?

① Magtrabaho

- Maghahanap ng trabaho.
- May written exam at interview.

② Magpatuloy sa pag-aaral

- Papasok sa Senior High School o Technical Training school para mag-aral.
- May mga tao rin na nagtatrabaho habang nag-aaral.
- May online school din.

Sa Aichi Prefecture:

* 98.5% ng mga nakapagtapos sa junior high school ay nagpapatuloy sa Senior high school.
* 58.2% ng mga nakapagtapos sa high school ay nagpapatuloy sa unibersidad, junior college, o vocational school .

(Ayon sa Survey ng Paaralan 2023)

Bakit ka papasok sa Senior High School o sa Technical Training School?

Ang bilang ng taong naghahanap ng trabaho pagkatapos ng Junior High School ay

= 1 sa 100 na katao

- Ang mga kumpanya sa Japan ay madalas na tumatanggap ng mga empleyado na nakapagtapos ng Senior high school, Unibersidad, o Technical School.
- Maraming Japanese ang naniniwala na mahalaga ang pagpapabuti sa akademikong kakayahan, pagkakaroon ng kaalaman at kakayahan sa edukasyon sa paaralan.
- Gayundin, maraming mga kuwalipikasyon at trabaho na maaari lamang makuha kung nakapagtapos ng Senior high school.

3．Tungkol sa sa mga Paaralan na maaaring pasukan mula Junior High School.

（1）Mga Pangunahing paaralan na maaaring pasukan ng mga Junior High school.

① Public high school
- Full-time

② Public high school
- Part-time

③ Public high school
- Correspondence

Ang mga mag-aaral ay maaaring magpatuloy sa isa sa tatlong 3 kurso, Full-time Senior High School, Part-time Senior High School, Correspondnece

④ Public high school
- Flexible high school
  - Saya Senior High School (Aisai City)
  - Taketoyo Senior High School (Taketoyo Town)
  - Yutakano Senior High School (Toyota City)
  - Mito Aoba Senior High School (Toyokawa City)

⑤ National high school
- Full-time

⑥ Private high school
- Full-time/Correspondence

⑦ Vocational School

4. Tungkol sa Senior High School

(1) Pagkakaiba ng Senior High School at Junior High School

- Ang pinakamalaking pagkakaiba ng Senior High School sa Junior High School ay ang Promosyon at Pagtatapos (Graduation).
- Ang Junior High School ng Japan ay isang Mandatory Education kung saan walang batang bumabagsak at madali makapagtapos. Ngunit sa Senior high School, kapag hindi maganda ang grade at madalas lumiban sa klase, maaring hindi ma-promote.
- Kumuha ng Entrance exam nang may diwa ng seryosong pag-aaral at may pagsaalang-alang sa mga bagay na ito.

（2）Mga uri ng Senior High School 1

Public high school	➢ Senior High school na pinapamahalaan ng Prefecture o ng Lungsod (Prefectural High School・Municipal High School) ➢ Mas mura ang Enrollment at Tuition fee kaysa Private High School.
National high school	➢ Research School na kaugnay ng National University na pinapamahalaan ng gobyerno. ➢ Mas mura ang Enrollment at Tuition fee kaysa Private High School.
Private high school	➢ Mga paaralang pinapamahalaan ng mga pribadong korporasyon ➢ Mayroong natatanging patakarang pang-edukasyon at nilalaman ng mga aralin ➢ Mas mahal ang Enrollment at Tuition fee kaysa Public Senior High School.（May financial assitance system）

（2）Mga uri ng Senior High School 2

① Full-time

- May klase sa umaga ng weekdays.
  - Papasok sa umaga at magklaklase ng 5 - 6 na oras sa isang araw.
  - Ang lahat ng mag-aaral ay kukuha ng parehong klase sa parehong oras.

(Halimbawa) Buong araw ng isang Part-time Senior High School

② Part-time

- Makakapagtrabaho habang nag-aaral!
  - 4 na oras ang klase araw-araw “Day shift” (Chuukan) o “Night shift” (Yakan)
  - Higit tatlong 3 taon ang gugugulin para makapagtapos (posible ang 3 taon kung magsusumikap nang mabuti)

(Halimbawa) Buong araw ng isang Full-time Senior High School



※Halimbawa ng oras ng klase

Day shift Part-time *(Chukan teiji-sei)*	Mag-aral katulad ng full-time Senior High School (Dalawang 2 Iskedyul ang pagpipilian) Mamili kung Unang bahagi mula 9:00 hanggang 13:00, o Pangalawang bahagi 10:50 hanggang 15:20.
Night shift Part-time *(Yakan teiji-sei)*	Mula 17:00 hanggang 21:00 May School Meal (kyushoku) (May paaralan na ang School meal ay bago magsimula ang klase o nasa pagitan ng bawat klase.)

- ✓ Maaaring mag-aral habang nagtatrabaho
- ✓ Maaari rin makapagtapos sa loob ng 3 na taon sa Night shift Part-time system.

③ Correspondence

- Okay lang kahit hindi makapasok araw-araw.
  - Mag-aaral sa bahay mag-isa.
  - Pupunta sa paaralan sa itinakdang araw.
  - May mga paaralan na maaaring makapag-aral sa online.
  - May ipapasang report.
  - Higit tatlong 3 taon ang gugugulin para makapagtapos (posible ang 3 taon kung magsusumikap nang mabuti)

④ Flexible High School

Maaaring mag-graduate kung makatapos ng 74 units.

Ang mga mag-aaral ay maaaring magpatuloy sa isa sa tatlong 3 kurso, Full-time Senior High School, Part-time Senior High School, Correspondnece.

(Halimbawa)
3 years na Flexible High School.

Full-time | Part-time | Correspondence

★Unang taon: Papasok sa Correspondence High School

Period	Lu	Ma	Mi	Hu	Bi
1		C			
2		C			
3		C			
4		C			
5		C			
6		C			

★Pangalawang araw: Kukuha ng klase para sa Correspondece at sa Part-time High Schhol.

Period	Lu	Ma	Mi	Hu	Bi
1					
2		C			
3		C			P
4		C			P
5		C	P	P	
6		C	P	P	

★Pangatlong taon: Kukuha ng klase sa Correspondnece, Part-time Senior High School, at Full-time Senior High School.

Period	Lu	Ma	Mi	Hu	Bi
1					
2		C			
3	P	C	P		P
4	P	C	P		P
5		F	P	P	F
6	F		P	P	

Mag-aaral sa bahay sa mga araw at oras na hindi makakapunta sa paaralan.

Lunes:Lu, Martes:Ma, Miyerkules:Mi, Huwebes:Hu, BiyernesBi

(3) Uri ng mga Kurso sa High School

Regular course *(Futsu-ka)*	➢ Matutunan ang mga bagay na kakailanganin para sa pagpapatuloy sa kolehiyo ➢ Regular Course, Future Exploration Course, Regional Exploration Course, etc.
Special course *(Senmon Gakka)*	➢ Matutunan ang mga praktikal na kakayahan at kaalaman. ➢ Agrikultura, Industriya, Komersiyal , Welfare, Home Economics (Tinatawag ding Life Culture), International Relations, etc.
Comprehensive course *(Sougou Gakka)*	➢ Depende sa sariling interes

（4）Mga puntos sa pagpili ng Senior High School

- Magpasya kung ano ang gustong pag-aralan at kung ano ang gustong gawin.
- Pag-isipan kung ano ang gustong gawin pagkatapos ng Senior High School.
- Alamin ang tungkol sa tuition fee at iba pang bayarin.

- Bisitahin mismo ang paaralan para makita at madama ang kapaligiran ng paaralan.
- Humingi ng payo sa magulang at guro.
- Magtanong sa mga senpai tungkol sa kanilang karanasan at kalagayan ng paaralan.
- Alamin kung kayang bumiyahe mula sa bahay.

... atbp.

（5）Paraan ng paghahanap ng Senior High School

- May dalawang 2 National High School sa Aichi Ken.
  - ◆ Nagoya University Affiliated Upper and Lower Secondary School
    https://highschl.educa.nagoya-u.ac.jp/
  - ◆ Aichi University of Education Affiliated High School
    http://www.auehs.aichi-edu.ac.jp/
- Maaring maghanap ng mga High School sa Aichi Ken sa *"Sagaso My School"* gamit ang internet.
  - ➢ Aichi school navi *"Sagaso My School"*
    https://aichi-school-navi.aichi-c.ed.jp/
- Ipinapakilala dito ang mga Senior High School sa Nagoya City
  - ➢ Nagoya City Public Senior High School Homepage
    https://www.nagoya-c.ed.jp/highschool/

- Maaaring maghanap dito ng Private Seniro High School sa Nagoya City
  - ➢ Nagoya City Private Senior High School Homepage
    https://www.aichi-shigaku.gr.jp/contents/school.htm

(6) Tungkol sa magagastos sa High School

種類	Public			Private
	Full-time	Part-time	Correspondence	Full-time
Tuition	JPY 118,800/taon	JPY 22,800～32,400/taon	JPY 336 per unit	Tinatayang JPY 400,000/taon
Enrollment	JPY 5,650	JPY 2,100	JPY 500	Tinatayang JPY 200,000
PTA membership, student council	Tinatayang JPY 6,000 bawat buwan	Day shift: JPY 7,550/taon Night shift: JPY 4,350/taon (include deposit)	Tinatayang JPY 35,000 /p (mga bayad na kokolektahin ng paaralan)	Tinatayang JPY 20,000/taon
School meal	JPY 0 (Walang bayad sa School meal)	JPY 5,300 bawat buwan (Para sa Day shift lamang)	JPY 0 (Walang bayad sa School meal)	JPY 0 (Walang bayad sa School meal)
Bayad sa Entrance exam	JPY 2,200	JPY 950	JPY 0	Tinatayang JPY 14,000

＊Ang bayad sa pagsusulit at bayad sa pagsusulit para sa 2025 entrance exam ay iaanunsyo sa bandang Nobyembre.

＊Ang mga bayad sa aklat, mga bayad sa Excursion, mga bayad sa materyales sa pag-aaral, mga bayad sa uniporme, at bayad sa transportasyon ay magkahiwalay na sisingilin

★Sanggunian: Website ng Aichi Prefectural Board of Education (July 2024 at kasalukuyan), atbp

◆ Pangunahing Sistema para Subsidiya (Tulong pinansiyal)

Mag-apply sa papasukang high school

Mga subsidiya at scholarship	Target	Obligasyong babayaran	Mga Nilalaman
Suportang pampinansyal sa Senior High School	National, Public, Private	Hindi kailangan	Maaaring maging libre ang tuition fee. ※May limit ang halagang matatanggap.
Tulong sa enrollment fee	Private	Hindi kailangan	Tutulungan ang bahagyang Enrollment fee
Tulong sa tuition fee	Private	Hindi kailangan	Partial tuition fees are subsidized
Scholarship loan	National, Public, Private	Kailangan	JPY 11,000~35,000 / buwan
Mga benepisyo sa scholarship para sa mga mag-aaral sa high school, atbp.	National, Public, Private	Hindi kailangan	Pagsuporta sa mga gastos sa pang-edukasyon bukod sa mga bayarin sa pag-aaral, tulad ng mga gastos sa gagamiting mga aklat at iba pa.

(7) Tungkol sa Entrance Examination sa Senior High School

Nakasalalay lamang ba sa Exam kung Papasa o babagsak?

<Sagot> **Hindi ito nakasalalay sa Exam.**

Transcript of Record … Ang mga nilalaman ng mga dokumento na ibibigay ng junior high school sa Senior high school ay "Report Card" at "Estado ng buhay sa paaralan".

- Kabuuan ng puntos (5 hanggang 1) para sa 9 na asignatura sa report card.
  ※45 points ang pinakamataas.
- Marka o grado sa Ika-3 taon sa Junior High Schoool.

- Bilang ng araw ng pagpasok, mga aktibidad sa club, mga aktibidad ng student council, atbp.

Mahalaga ang pang-araw-araw na pamumuhay sa paaralan!

Sinusuri din ang "pagsunod sa oras", "pagsumite ng mga projects o Homework", "asal sa loob ng klase".

Mga Uri ng Senior High School (Full-time) Entrance Examination

Mga Uri	Mga Katangian	Mga paaralan
Regular na Entrance Exam	Maaaring pumili ng hanggang 2 na paaralan para kumuha ng entrance exam. Isang 1 beses lamang ang exam → Tingnan ang Page 20 para sa detalye.	Isinasagawa ito sa lahat ng paaralan at lahat ng kurso.
Recommendation Type Selection	Walang written exam. Pagpapasyahan kung papasa o hindi ang mag-aaral depende sa mga dokumentong pinasa mula sa Junior High School (Recommendation form) at Interview.	Isinasagawa ito sa lahat ng paaralan at lahat ng kurso.
Special Skill Entrance Examination	Naka-focus ito kagustuhang matuto at kakayahan/karanasan sa mga larangang may kaugnayan sa kurso ng pag-aaral.	Iilang paralan lamang ang nagsasagawa nito.
Entrance examination para sa mga dayuhang mag-aaral	Ang mag-aaral o magulang ay dapat isang dayuhang nasyonal at dapat ay nasa Japan sa loob ng anim 6 na taon o mas kaunti mula nang makapasok sa bansa. → Tingnan ang Page 22 para sa detalye.	Iilang paralan lamang ang nagsasagawa nito.(12 na school ang nagsasagawa nito sa School Year 2025)
Full-time Credit System Selection	Para sa mga mag-aaral na may humigit-kumulang 30 araw ng pagliban sa paaralan sa alinman sa 2nd o 3rd year sa junior high school o pareho sa kani-kanilang mga year level.	Full-time Unit Course High School (Kasama ang Flexible High School full-time course)
Entrance exam para sa Returned Overseas Students	Ang mag-aaral na nanirahan sa ibang bansa kasama ang kanilang mga magulang o tagapag-alaga nang hindi bababa sa dalawang magkasunod na taon o bumalik sa kanilang sariling bansa sa loob ng nakaraang dalawang taon ay maaaring mag-apply dito.	Iilang paralan lamang ang nagsasagawa nito.

◆ Tungkol sa Entrance Examination sa Public Senior High School・Full-time

○ Maaaring kumuha ng exam sa dalawang 2 paaralan.

○ Nilalaman ng exam

- 5 asignatura, wikang Hapon, Matematika, Social Studies, Science, at Ingles
- Kasali sa English ang Listening Comprehension
- Nakadepende sa Senior High School kung magsasagawa o hindi ng interview.

○ Petsa ng Entrance Examination

(Isang 1 beses lamang ang exam kahit dalawang 2 paaralan ang kukuhanan ng entrance exam.)

February 26, 2025 (Miyerkules)

※ Tingnan ang Page 23 para sa Flexible High School.

◆ Tungkol sa Entrance Examination sa Public Part-time Senior High School

Mga Uri	Mga Katangian	Nilalaman ng exam
Entrace Examination Type	Hindi maaaring pagsabayin sa isang Public Full-time High School	Interview (May mga paaralan din na nagsasagawa ng Baici Academic Test at Essay composition.)
Pangalawang entrance exam	Isinsagawa ito sa paaralan na hindi nakamit ang bilang ng mga mag-aaral na nais nilang tanggapin.	

◆ Tungkol sa Entance Examination sa Public Correspondence Senior High School (Kyouryou High School at Kariya Higashi High School)

Mga Uri	Mga Katangian	Nilalaman ng exam
Ist Entrance Examination	Hindi maaaring pagsabayin ang Part-time High School at Full-time High School	Pagpapasyahan kung papasa o hindi depende sa isusumiting evaluation report at self-assetment report. Minsan isinasagawa din ang essay composition at interview.
Last Entrance examination	Maaaring mag-apply dito pagkatapos malaman ang resulta ng kinuhang Part-time high school exam.	

◆ Entrance examination para sa mga dayuhang mag-aaral sa Public School *(Gaikokujin Senbatsu Nyushi)*

Kondisyon	Isang dayuhang mag-aaral na naninirahan sa Aichi Prefecture kasama ang magulang.Dapat nagsimulang mag-aral dito sa Japan mula Grade 4 (Residente ng Japan sa loob ng 6 na taon o higit pa.)
Mga nilalaman ng entrance exam	・Pinagsasamang 3 pangunahing asignatura sa isang exam, wikang Hapon(kokugo), Matematika(sugaku), at Ingles (may furigana o kanji reading) ・Panayam o interview
Araw ng Entrance Examination	February 6, 2025 (Huwebes)
Mga paaralan	Nagoya Minami High School, Komaki High School, Higashiura High School, Koromodai High School, Anjo Minami High School, Mito Aoba High School, Toyota High School of Technology, Toyokawa Toyota High School of Technology, Iwakura Sogo High School, Nakagawa Seiwa High School, Chiryu High School, Toyohashi Nishi High School

◆ Mga uri ng Entrance Examination para sa Flexible High School

Kurso	Nilalaman ng exam
Full-time Credit System (Espesyal na entrance exam)	Isasagawa ang interview. Isa lang sa Essay writing, Basic Written Exam o Presentation.
Day shift Part-Time	Isasagawa ang interview. Isa o parehong Essay composition o/at Basic Academic Test.
Correspondence	Isa lang o dalawa 2 o lahat ng Interview, Essay composition, o Basic Academic Test. Pwede rin walang mga ito.

●Hindi pinapayagan ang paglipat ng paaralan at pagpasok sa ibang paaralan sa kalagitnaan ng taon.
Pag-isipan ng mabuti ang pagkuha ng entrance examination

Iskedyul sa pagkuha ng Entrance Examination sa Public Senior High School (Imahe)

Mga Uri	1／15	2／1	2／15	3／1	3／15	3／31
Full-time Senior High School Entrance Examination			↔ ★★	☺		
Entrance examination para sa mga dayuhang mag-aaral *(Gaikokujin Senbatsu)*		↔ ★	☺			
Part-time Senior High School Entrance Examination			↔ ★ ☺			
Correspondence High School Ist Entrance Exam	↔ ★ ☺					
Correspondence High School 2nd Entrance Exam					↔ ★ ☺	

↔ Duration ng Application ★ Entrance exam at Interview ☺ Resulta ng Exam

◆ Mga uri ng Entrance Exam sa National High School

● Nagoya University Affiliated Upper Secondary Schools (Para sa taong 2024)

Mga Uri	Mga Katangian	Nilalaman ng exam
Regular na Entrance Exam	Isasagawa ang written exam at essay composition, group interview. Isasagawa naman ang Evaluation Report Screening kung walang written exam.	Wikang Hapon, Matematika, at Ingles, Essay, Group interview
Entrance exam para sa mga mag-aaral na bumalik galing ibang bansa	Ang mga mag-aaral na gumugol ng hindi bababa sa dalawang taon sa pag-aaral sa ibang bansa at bumalik sa kanilang sariling bansa sa loob ng dalawang taon ang kwalipikado. Maliban sa evaluation report, kinakailangan ang isang personal statement at certificate of overseas residence.	Wikang Hapon, Matematika, at Ingles, Essay, One-on-one interview
Special Recommendation Selection	Para sa mga mag-aaral na may natatanging akademikong pagganap at namumukod-tanging katangian. Maliban sa Evaluation Report, ang isang recommendation letter mula sa punong-guro ng Junior High School at self-recommendation letter ay kinakailangan.	Screening ng mga dokumento (Evaluation Report, recommendation letter at self-recommendation letter, One-on-one interview

●Aichi University of Education Affiliated High School (Para sa taong 2024)

Mga Uri	Mga Katangian	Nilalaman ng exam
Regular na Entrance Exam	Walang interview. Kailangan ng Evaluation Report.	Wikang Hapon, Matematika, Ingles, Science, at Social Studies
Entrance exam para sa mga mag-aaral na bumalik galing ibang bansa	Ang mga mag-aaral na gumugol ng hindi bababa sa dalawang taon sa pag-aaral sa ibang bansa at bumalik sa kanilang sariling bansa sa loob ng dalawang taon ang kwalipikado. Maliban sa Evaluation Report, kinakailangan din ang "personal record" at "certificate of overseas residence".	Wikang Hapon, Matematika, Ingles, Science, at Social Studies, One-on-one interview
Recommendation entrance exam	Mga mag-aaral na namumukod-tangi sa karakter at akademiko, o may namumukod-tanging kakayahan, o tagumpay sa alinman sa mga sumusunod: athletics, kultura, o mga espesyal na aktibidad.	Essay, One-on-one interview

◆ Mga uri ng Entrance Examination sa Private Senior High School

Mga Uri	Mga Katangian	Nilalaman ng exam
Regular na Entrance Exam	Maaaring kumuha ng hanggang tatlong 3 entrance exam sa iba't-ibang Senior high school na magkakaiba ang petsa ng entrance exam. Maaaring mag-apply kasabay ng isang Public Senior High School.	Written Exam (3 o 5 subjects) May School na nagsasagawa din ng Practical Exam.
Recommendation entrance exam	Kailangan ng recommendation mula sa Junior High School Principal. Kailangang pumasok sa paaralan na iyon kung sakaling pumasa.	Interview, Essay Composition at iba pa. Basic Achievement Test (Ingles, Math, at Japanese)
Special selection	Isa itong uri ng self-recommendation na hindi nangangailangan ng rekomendasyon mula sa junior high school principal. Kailangang pumasok sa paaralan na iyon kung sakaling pumasa.	Interview, Essay Composition at iba pa. Basic Achievement Test (Ingles, Math, at Japanese)

＊Magkakaiba ang nilalaman ng exam depende sa paaralan.

5. Tungkol sa Vocational High School
(Ko-sen)

◆Ano ang Vocational School?

Isang paaralan na kumbinasyon ng Senior High School at University, na nilikha upang sanayin ang mga skilled technicians na may praktikal na kaalaman.
Limang 5 taon mag-aaral.
Ang mga mag-aaral ay aktibong kukuha ng mga klase, eksperimento, at praktikal na pagsasanay sa mga espesyal na paksa mula 1st year.

●Mga Vocational School sa loob ng Aichi Ken.

- National Institute of Technology Toyota College

  https://www.toyota-ct.ac.jp/

  May Department of Mechanical Engineering, Electrical and Electronic Systems Engineering, Information Technology, Environmental and Urban Engineering, at Architecture.

◆ Mga uri ng Entrance Examination sa National Institute of Technology Toyota College

Mga Uri	Mga Katangian	Nilalaman ng exam
Achievement Test Entrance examination	Maaaring mag-apply hanggang sa tatlong 3 kurso. Kailangan ng Evaluation Report.	5 asignatura, wikang Hapon, Matematika, Social Studies, Science, at Ingles
Recommendation entrance exam	Ang test ay isasagawa lamang sa 1st choice na kurso. Maliban sa Evaluation Report, kailangan din ng Recommendation letter mula sa Junior High School Principal.	Interview

- ●Kailangang pumasok sa paaralan na iyon kung sakaling pumasa.
- ●Maaari ring sumubok kumuha ng entrance exam sa isang Public Senior High School kahit hindi nakapasa sa exam.

6. Tungkol sa mga Vocational School at mga Technical School

〈Vocational Schools〉

Layunin	· Matuto ng mga kailangang kakayahan para sa trabaho at praktikal na buhay
Mga Kurso	· Home Economics, Welfare, Fashion, Industrial, Beautician, Chef, Komersiyal, Computer Design, atbp.
Katangian①	· Makakakuha ng iba't ibang kuwalipikasyon at kuwalipikasyon upang makakuha ng National Examination (Home Helper, Hazardous Material Handler, Electrician, Lisensiya sa Pagluluto)
Katangian②	· Maaari ring makakuha ng kuwalipikasyon o diploma tulad ng Senior High School.

Magsaliksik tungkol sa Techinical Training School (senshu gakkou)

◆ **Ang page na ito ay nagpapakilala sa Technical Training School sa Aichi ken.**

https://www.askr.or.jp/search/

- Maaaring maghanap ng Techinical Training School sa Aichi Prefecture ayon sa larangan ng pag-aaral na nais pag-aralan o sa pamamagitan ng pangalan ng paaralan.
- Ipinakilala ang mga paaralang may School Visitation (taiken nyugaku)
- Maaari makita ang mga guidelines sa aplikasyon (mga detalye ng Exam, petsa ng Exam, atbp.)

〈Technical School〉

- Nagsasagawa ng Vocational training para sa Technical Workers.

- Ito ay paaralan para sa mga mag-aaral na nagnanais ng trabahong konektado sa architecture, landscaping at electrical na pag-aaral sa hinaharap.

- Nilalaman ng Entrance Exam:
  Wikang Hapon, Matematika, Interview

- Paraan ng Aplikasyon: Isumite ang mga dokumento sa Public Employment Security Office (Hello Work)

- Paunawa: Hindi tulad ng isang karaniwang Senior High School o kolehiyo, kahit na makapagtapos mula sa isang Technical Training School, hindi ito magiging academic degree.

7. Halimbawa daloy para sa pagpili ng kurso

【1st Year Junior high school】

◆ Interview sa mga propesyonal:
Mag-aaral tungkol sa mga propesyon

Pag-aralan ang tungkol sa kahalagahan ng pagtatrabaho mula sa mga kakilalang nagtatrabaho

⇒<u>Alamin ang iba't-ibang klase ng trabaho.</u>

【2nd Year Junior high school 】

- **Mga aktibidad para maranasan ang aktwal na trabaho.**

  Ipaparanas mismo ang aktwal na pagtatrabaho sa isang lokal na kumpanya, ospital, Welfare Facility, atbp.

  ⇒ <u>Ito ay magiging isang panimula upang makapili ng karera</u>

【3rd Year Junior High School】

- **Field trip para maranasan ang iba't ibang trabaho** ***(shokuba-taiken)*** **:**

  Bibisita sa mga lugar ng trabaho sa kabisera ng Japan, Tokyo, at makikipanayam sa mga taong nagtatrabaho doon.

- **Pagsisiyasat sa karera pagkatapos ng Graduation :**

  Isipin ang mga mithiin sa buhay sa hinaharap at paraan ng pamumuhay para sa pagpapasya sa karera.

  ⇒ <u>Aim self-actualization</u>

8. Ano ang mga kailangang gawin upang makapagpatuloy sa Senior High School?

① Pangarap・Layunin!

Ano ang pag-aaral at para saan ito gagamitin?
Ano ang gusto mong gawin sa Japan sa hinaharap?
Alamin kung ano ang nais gawin.

② Kakayahan sa Japanese at kakayahang pang-akademiko!

Aktibong gamitin ang Japanese!
Gawin ang lahat ng makakaya sa pag-aaral sa mga aralin.

③ Kakayahang maki-ayon sa buhay

- Sumunod sa oras
- Masiglang pagbati
- Marunong lumugar at mag-ingat sa pananalita
- Sumunod sa mga patakaran

9. Para sa sariling kapakanan sa hinaharap

- Magsikap at mag-aral nang Mabuti habang may kakayahang matuto.
- Laging kumunsulta sa mga guro.
- Kumunsulta sa kapamilya tuwing magpapasya sa karera.
- Sumali sa School Visitation *(taiken nyugaku)*.
- Huwag susuko!

Mahalaga ang bagay na ito kaya uulitin ko muli.

Sinusuportahan namin ang iyong mga pangarap !

Magpatuloy nang may ngiti sa mga labi!



Karagdagang impormasyon ①

Aichi Night Junior High School

- Pupunta sa paaralan mula 5:00 pm hanggang 9:00 pm.
- Apat 4 na oras ang klase sa isang araw (40 minuto bawat klase).
- Mag-gragraduate sa loob ng 3 taon. (Pwede mapaikli, o mapatagal hanggang 6 na taon.)

(Halimbawa) Isang buong araw ng Night Junior High School.

Karagdagang impormasyon ②

International Baccalaureate Diploma Program

Mga International educational programs na inaalok ng International Baccalaureate Organization.

Sa pagkumpleto ng kurso at pagpasa sa examination, ang mga mag-aaral ay maaaring makakuha ng International Baccalaureate degree.

Ang International Baccalaureate degree ay kinikilalang internasyonal na kwalipikasyon sa pagpasok sa unibersidad

Iilan lamang ang mga paaralang nagpapatupad kung saan maaaring makakuha ng diploma ng Japanese high school.

- Ang klase ay isasagawa sa English.
- May pagkakataon din na mag-eenrol sa September.
- May mga required subjects at optional subjects.

Mga paaralang nag-aalok ng International Baccalaureate Diploma Program sa Aichi Prefecture

＜Maaaring makakuha ng diploma sa Senior high school＞

- “*Kokusai Koto Gakko*”
  NUCB International College (NIC)
  https://ic.nucba.ac.jp/jp/

- “ *Nagoya Kokusai Koto Gakko*”
  NUCB International Senior High School
  https://www.nihs.ed.jp/

※NUCB:Nagoya University of Commerce and Business

＜ International Schools＞

- *Enishi* International School
  https://enishi.ac.jp/JP/

- *Nagoya* International School
  https://www.nis.ac.jp/japanese/welcome